MGA PINADALING HAKBANG PARA SA AMING



PDIC
Bank deposit mo, protektado!

Ahensya: Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC)
Address: PDIC Chino Bldg.: 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231
PDIC Ayala: SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

Receiving Officer:
The Department Manager
Public Assistance Department (PAD)
3rd Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231

MGA HAKBANG

Step 1:

Magsumite ng pirmado at notaryadong kahilingan (*written request*)[1] o *Request Form* na may kalakip na kopya ng isang *valid government-issued ID*. Ipadala ito nang personal o sa pamamagitan ng sulat/koreo sa tanggapan ng PDIC. Maaaring makuha ang *Request Form* sa PDIC Public Assistance Center (PAC) o i-*download* ito mula sa PDIC *website* na **www.pdic.gov.ph**.

Step 2:

Susuriin ng PDIC ang *request* sa loob ng 15 *working days* (WDs) mula sa pagkatanggap ng *request*. Maaaring tumagal ng 20 WDs ang pagsusuri kung sakaling may mga hindi inaasahang pangyayari o kung kailangan ng karagdagang pagsisiyasat sa *records* para matugunan ang *request*. Aabisuhan ng PDIC ang kliyente kung tatagal ang nasabing pagsusuri.

Step 3:

Matapos ang pagsusuri, makakatanggap ang kliyente ng abiso kung ang kanyang *request* ay naaprubahan o hindi pinayagan. Kung ito ay naaprubahan, kasama sa abiso kung magkano ang babayaran ng kliyente sa pagproseso ng hiniling na impormasyon.

Step 4:

Maaaring magbayad ang kliyente nang personal sa PDIC PAC sa Ground Floor, PDIC Chino Bldg., o ideposito ang bayad sa kahit saang *branch* ng LandBank (Account No. 1782-1000-56).

Step 5:

Aabisuhan ang kliyente kung ang hiniling na impormasyon ay handa na para kunin sa PAC, o kung ipadadala ito sa kliyente, o kung sa pamamagitan ng *e-mail*.

[1]Ang mga kahilingan para sa kopya ng SALN ay kinakailangang may kalakip na pirmado at notaryadong *Undertaking* na maaari ring ma-*download* mula sa PDIC website.

ADMINISTRATIBONG APELA

Step 1:

Magsumite ng nakasulat na apela o *Appeal Form* na naka-*address* sa PDIC President sa loob ng 15 *calendar days*[2] mula sa pagkakatanggap ng *notice of denial* mula sa PDIC. Ipadala ang apela o *Appeal Form* nang personal o sa pamamagitan ng sulat sa:

OFFICE OF THE PRESIDENT

PDIC Chino Bldg.:
8th Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City 1231 **o**

PDIC Ayala:
10th Floor, SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

Step 2:

Kung ang apela ay isinumite sa pamamagitan ng sulat/koreo, magpadala ng isa pang kopya sa pamamagintan ng *e-mail* sa **PDIC_FOIappeal@pdic.gov.ph** o i-*fax* sa (02) 8817-3566.

Step 3:

Dedesisyunan ng PDIC President ang apela sa loob ng 30 *working days* mula sa petsa ng pagkatanggap nito.

Step 4:

Kung ang lahat ng paraan para sa apela ay nagawa na, maghain ng nararapat na kaso sa korte alinsunod sa batas o *Rules of Court*.

[2]Maaaring agarang mapawalang-saysay (o i-*dismiss*) ang apela kung isinumite ito nang lagpas sa 15 *calendar days* mula sa pagkakatanggap ng *notice of denial* mula sa PDIC, o kung lumipas na ang kaugnay na panahon; o kung hindi kumpleto ang isinumiteng mga dokumento o impormasyon.

MAAARING MAKIPAG-UGNAYAN SA PDIC SA PAMAMAGITAN NG ALINMAN SA MGA SUMUSUNOD:

Trunkline : (02) 8841-4000 | **Hotline :** (02) 8841-4141 *(para sa mga kliyente na nasa Metro Manila)*
Toll Free : 1-800-1-888-7342 or 1-800-1-888-PDIC *(para sa mga kliyente na nasa labas ng Metro Manila)*
E-mail : pad@pdic.gov.ph | **Facebook :** @OfficialPDIC